MGA SUPPLY NG KALIGTASAN NG BUHAY SA EMERGENCY SA BAHAY (HOME EMERGENCY SURVIVAL SUPPLIES)


Ang bawat pamilya ay dapat magkaroon ng mga kit ng mga emergency na supply.

Hinggil sa kuryente, tubig, transportasyon, at ang iba pang napakahalagang sistema ay maaaring maputol nang ilang araw o mas matagal sa ilang lugar pagkatapos ng malawak na lindol o emergency ng panahon. Ang mga ahensya sa pagtugon sa emergency at mga ospital ay maaaring pangibabawan at hindi ka mapagkakalooban ng madaliang tulong. Ang pagkakaloob ng first aid at pagkakaroon ng mga supply ay makasasagip ng buhay, gagawing mas kumportable ang buhay, at tutulungan kang makaagapay sa susunod na lindol.

Ang pagkakaroon ng mga emergency na supply na nakahandang magagamit ay maaaring mabawasan ang epekto ng isang lindol, bagyo ng niyebe, o iba pang emergency sa iyo at iyong pamilya.

Isaayos ang mga supply ng sakuna sa mga kumbinyenteng lokasyon.

Itago ang mga ito kung saan mo madalas gingugol ang iyong oras, para madali silang maaabot kahit na lubhang mapinsala ang iyong gusali.



Magiging kapakipakinabang ang mga kit para sa maraming emergency.

Dapat kabilang sa iyong mga kit ng mga emergency supply ang pagkain, tubig, mga flashlight, nabibitbit na radyo, mga baterya, isang first aid kit, cash, mga ekstrang gamot, isang silbato, fire extinguisher, tingnan ang listahan sa ibaba.

Magtago ng malaking kit sa iyong bahay, isang mas maliit na kit sa iyong sasakyan, at saka gumawa ng To Go Kit na dadalhin mo kung kailangan mong umalis sa iyong bahay nang mabilis. Ang mga backpack o iba pang maliliit na bag ang pinakamabuti para sa mga supply ng sakuna ng iyong To Go Kit para madadala mo ang mga ito kung lilikas ka.




Kit na pangsambahayan na mga emergency supply

Gumawa ng supply ng mga sumusunod na bagay na tatagal nang kahit 3 araw at ideyal para sa 2 linggo:

•Tubig (pinakakaunti ang isang galon kada araw para sa bawat tao)
•Mga delata at nakapaketang pagkain
•Mga kagamitan sa pagluluto, kabilang ang isang manu-manong abrilata
•Gamot
•Mga toiletries (sabon, toothpaste, mga produkto sa pangangalaga sa kalusugan)
•Mga lampin at pagkain ng sanggol, kung kinakailangan
•Pagkain ng alagang hayop at mga pangsaway sa alagang hayop
•Koportable, mainit na pananamit kabilang ang mga ekstrang medyas
•Mga kumot o sleeping bag, at marahil kahit isang tent
•Mga kopya ng mga napakahalagang dokumento tulad ng mga insurance policy
•Nabibitbit na radyo na may ekstrang mga baterya (o pinipihit ng kamay para sa pag-charge)
•Mga karagdagang flashlight o mga light stick
•Mga liyabe para pansara ng gas at mga supply ng tubig
•Mga guwantes na pangtrabaho at mga pangprotektang goggle
•Mga plastic bag na heavy duty para sa kalat, at para magsilbi bilang mga tarp, balabal pang-ulan, at iba pang gamit
•Mga supply at posporo para sa pagluluto sa labas ng bahay

Gumamit at palitan ang mga nasisirang bagay tulad ng tubig, pagkain, mga gamot at baterya sa isang taunang batayan.

This translation paid for by the Anchorage LEPC with a grant from the State of Alaska, DHS&EM